# IYONG DATOS IYONG MGA KARAPATAN

*Ang pantry na ito ay lumilipat sa isang electronic system para gawin ang proseso nito sa mga kliyente. Nangangahulugan ito na lahat ng impormasyon na nakolekta sa papel ay ngayon isi-save sa computer system. Ito ay malaking pagbabago sa pantry na ito, para sa Food Bank, at pinakamahalaga para sa iyo! Sinubukan naming sagutin ang iyong mga tanong sa ibaba. Kung gusto mong malaman ang iba pa, mangyaring makipag-usap sa staff sa inyong lokal na pantry.*

## ANO ANG BAGONG SYSTEM?

Ang system ay tinatawag na **Service Insights**. Ito ay isang digital system na mas nagpapadali sa mga pantry na maunawaan ang kanilang komunidad at mas mapahusay ang kanilang mga serbisyo.

Ang ilan sa pagkain sa pantry na ito a nagmumula sa pamahalaang pederal sa pamamagitan ng programang tinatawag na TEFAP. Hinihingi ng pamahalaan sa mga taong tumatanggap ng mga pagkain sa TEFAP na kumpletuhin ang ilang papeles. Sa Service Insights, ang prosesong iyon ay kumpleto na ngayon sa pamamagitan ng electronic. Ang impormasyon tungkol sa iyong pagiging kwalipikado sa TEFAP ay secure na itatabi sa isang electronic system sa halip na sa papel.

Bibigyan ka ng inyong pantry ng isang barcode card matapos mong ibigay ang iyong impormasyon. Ang pantry na ito (at alinmang pantry gamit ang Service Insights) ay makaka-scan sa card na ito upang mabilis na maitala ang iyong mga pagbisita sa hinaharap. Nangangailangan ka lamang ng isang card kahit ilang pantries man ang binibisita mo; ang Service Insights ay hinding-hindi gagamitin sa paglimita kung gaano karaming pantry ang maaari mong bisitahin.

## ANONG IMPORMASYON ANG KAILANGAN KONG IBIGAY?

Upang makatanggap ng mga pagkain sa TEFAP, nangangailangan kami ng ilang impormasyon tungkol sa iyo at sa iyong sambahayan:

- Iyong pangalan
- Bilang ng mga tao sa inyong sambahayan
- Kung tumatanggap ka ng ilang mga pampublikong benepisyo, tulad ng SNAP o TANF
- Iyong address
- Kinikita ng inyong sambahayan

Hihingan ka rin namin ng ilang impormasyon, tulad ng iyong mga kagustuhan sa diyeta, ngunit ito ay opsyonal at hindi makakaapekto sa iyong paglahok sa TEFAP.

## BAKIT GINAWA ANG PAGBABAGO?

Ang pantry ay nakikipagtulungan sa Capital Area Food Bank upang pasimplihin ang proseso ng pagkain. Sa pagsagot sa ilang tanong tungkol sa iyong sarili at sa inyong sambahayan, makakatulong ka sa pantry na ito na makapagbigay ng mas maraming oras sa paglilingkod sa inyo, at mas kaunting oras sa paggawa ng papeles. Maaari ring magagawa ng pantry na ito na gamitin ang bilang ng mga taong napaglingkuran upang makatulong sa kanila sa paglikom ng pondo at pagsasabi sa komunidad tungkol sa kanilang trabaho.

## KAILANGAN KO BANG GAWIN ITO BAWAT PAGKAKATAON?

Hindi. Ang paggamit ng Service Insights ay nagpapahintulot sa amin na iimbak ang iyong impormasyon nang electronic at mas pabibilisin ang mga pagbisita sa hinaharap.

Ipapa-verify at ipapa-update lang namin sa iyo ang iyong impormasyon paminsan-minsan. Ipapa-verify sa iyo ang iyong pagka-kwalipikado para sa TEFAP taon-taon para sa mga residente ng DC at Maryland , at bawat dalawang taon para sa mga residente ng Virginia.

# IYONG DATOS IYONG MGA KARAPATAN

## ANG PANGAKO SA DATOS NG CAFB

### Itatrato ka namin at ang iyong impormasyon nang may dignidad at paggalang.

Lihim ang lahat ng iyong mga sagot. Kung ayaw mong magbigay ng iyong impormasyon o kung hindi ka komportable sa pagsagot sa anumang mga tanong, bibigyan ka namin ng mga serbisyo ano pa man. Pagkakatiwalaan namin ang iyong mga sagot, at hindi ka namin itatrato nang kakaiba kung ayaw mong sumali. Kung ayaw mong sumali sa Service Insights, maaari mong piliing ibigay ang iyong impormasyon sa pagka-kwalipikado sa papel na porma.

### Pananatilihin namin na ligtas at secure ang iyong impormasyon.

Itatabi ang iyong impormasyon gamit ang nangunguna sa industriya na mga pamamaraang panseguridad. Hinding-hindi namin ibabahagi ang iyong personal, indibidwal na impormasyon kaninuman na labas sa partner network na ito, maliban sa pagtupad sa mga hiling mula sa ahensya sa inyong estado na nangangasiwa sa TEFAP. Ang Service Insights ay may napakataas na mga pamantayan sa seguridad, at makikita lamang ng mga user ang impormasyon na kailangan nilang makita. Ang pagrekord sa impormasyon sa paraan na ito ay labis na mas ligtas kaysa pagrekord nito sa papel. **Hinding-hindi** namin ibabahagi ang iyong personal na impormasyon sa mga ahensya tulad ng law enforcement o immigration services.

### Gagamitin lamang namin ang impormasyon na ito para makapagbigay ng mas magandang mga serbisyo sa iyo.

Sa pagbibigay ng iyong pangunahing impormasyon sa amin, natutulungan mo kami na maiangkop ang aming mga serbisyo sa mga pangangailangan ng komunidad. Hindi namin gagamitin ang impormasyon na ito para subaybayan ang iyong indibidwal na aktibidad o limitahan ang mga serbisyo sa iyo. Hindi gagamitin ng Food Bank ang iyong impormasyon para sa marketing o komersyal na mga layunin. Ang sinuman na mag-a-access sa iyong impormasyon ay gagawin lamang ito para itala ang mga serbisyong naibigay o i-update ang iyong profile. Pwedeng gamitin ng inyong pantry at ng Food Bank ang mga report upang tingnan ang mga trend at mas malaman pa ang tungkol sa komunidad. Ang mga report ay hinding-hindi magpapakita ng anumang impormasyon na makapagpapakilala ng pagkatao.

***May mga tanong o pag-aalala?***

*Bisitahin ang www.capitalareafoodbank.org/insights o mag-email sa amin sa ServiceInsights@capitalareafoodbank.org*